# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## PAGIGING MAGAGAMIT

**Disenyong nakasentro sa mga tao kung saan ang pagboto ay ginagawang madali, mauunawaan ng gumagamit, at magagamit ng lahat.**

**Ang bagong karanasan sa pagboto sa County ng Los Angeles ay dinisenyo upang mas madaling gamitin at magamit ng lahat ng botante. Dahil sa mga modernong pagbabago, mabibigyan ang lahat ng botante, ano pa man ang kanilang edad, karanasan, kapansanan o wika ng isang pribado at independiyenteng karanasan sa pagboto na madali at maginhawa.**

### MGA NAKAKAANGKOP NA OPSYON

Magkakaroon ng kakayahan ang mga botante na bumoto sa alinmang sentro ng pagboto sa kabuuan ng County sa loob ng panahon ng halalan na hanggang 11 araw. Ganap na magagamit ang lahat ng kagamitan sa pagboto sa mga sentro ng pagboto.

### INTERACTIVE NA HALIMBAWANG BALOTA (ISB)

Ang ISB ay isang maginhawang opsyon para sa mga botante na gustong markahan ang kanilang mga pinili sa tahanan, gamit ang isang personal na kagamitan sa mga gusto nilang kasangkapan. Ang ISB ay gagawa ng Pases sa Pagboto - tulad ng isang boarding pass sa eroplano. Sa sentro ng pagboto, mai-scan ng mga botante ang Pases sa Pagboto upang mailipat sa BMD ang kanilang mga pinili. Pagkatapos, maaari nilang repasuhin at palitan ang kanilang mga boto bago ipatala ang kanilang balota.

### KAGAMITANG PANGMARKA NG BALOTA (BMD)

Ginagawang madali ng BMD para sa mga botante na iangkop ang kanilang karanasan sa pagboto upang tumugma sa kanilang mga pangangailangan. Maaaring isaayos ng mga botante ang mga pagtatakda sa BMD kasama na ang kaibahan ng interface ng gumagamit, laki ng teksto, anggulo ng screen, at lakas at bilis ng audio.

Ginagawang madali ng apat na moda ng interface ng gumagamit para sa lahat ng botante na bumoto nang pribado at independiyente.

**Pindutin**

Makipag-ugnayan sa touchscreen

**Pindutin + Audio**

Makipag-ugnayan sa touchscreen at pakinggan ang mga tagubilin na audio sa pamamagitan ng mga headphone

**Kontroler + Audio**

Makipag-ugnayan sa sinasalat na kontroler na may mga tatak ng braille at naiaangkop na kurdon at pakinggan ang mga tagubilin na audio sa pamamagitan ng mga headphone

**A/B o Port na Dalawahang Swits**


Makipag-ugnayan sa sarili mong personal na kagamitan. Gamit ang magagamit na port para sa mga kagamitang may pantulong na teknolohiya, tingnan ang mga pakikipag-ugnayan sa screen at pakinggan ang mga tagubiling audio sa pamamagitan ng mga headphone

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **VSAP.lavote.net**

# Gagawing Moderno ng County ng LA ang Karanasan sa Pagboto sa 2020

**Ang kasalukuyang karanasan sa pagboto sa County ng LA ay lipas na sa panahon at kailangan ng kritikal na gawing makabago. Ang mga botante ay dapat na makaboto kung kailan, kung saan at kung paano sa kanilang kagustuhan. Ang bagong sistema ng pagboto sa ilalim ng Mga Solusyon sa Pagboto para sa Lahat ng mga Tao ay isang mahalagang hakbang upang tuparin ang mga layuning ito.**

## KASALUKUYAN LABAN SA HINAHARAP



**Limitadong Karanasan sa Pagboto**

**1 Araw Lamang para Bumoto**

**Mga Lugar ng Botohan**

Inka Vote

Ang kagamitang pamboto ay lipas na sa panahon at mahirap gamitin ng maraming botante; limitado sa 1 kagamitan kada lokasyon

Ang papel na listahan ay nililimbag ng maaga at madalas na kailangan ng karagdagang paglimbag

MAAGANG PAGBOTO

Ang maagang pagboto ay maari lamang sa limitadong bilang ng lokasyon sa County

Ang mga botante ay maaari lamang bumoto sa isang lokasyon sa isang araw sa pagitan ng ika-7 ng umaga at ika-8 ng gabi



**Magagamit ng Sinumang Botante**

**11 Araw para Bumoto**

**Mga Sentro ng Pagboto**




Ang mga botante ay makakaboto sa alinmang sentro ng pagboto sa lahat ng dako ng County na may ganap na mga serbisyo ng wika at pinalawak na paggamit

*Magagamit ang datos ng mga Elektronikong Listahan ng Botohan (ePollbooks) sa tunay na oras at magpapahintulot ng kaparehong araw na rehistrasyon

Ganap na magagamit na kagamitang pamboto sa lahat ng sentro ng pagboto

11 ARAW

Ang pagboto ay maaari sa 11 araw sa mga sentro ng pagboto sa lahat ng dako ng County

*Ang bagong modelo ng pagboto ay ilalayo tayo sa paggamit ng pinaunang-nilimbag na papel na listahan at sa halip nito ay magkakaloob ng nasa tunay na oras na paggamit ng buong database ng botante sa lahat ng lugar ng botohan na gagawing madali ang kaparehong-araw na rehistrasyon ng botante.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **VSAP.lavote.net**

# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO: ANG KAILANGAN NINYONG MALAMAN

**Muling idinisenyo ng County ng Los Angeles ang iyong mga materyales sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na ginawang mas madali at mas maginhawa ang pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang Pangkalahatang Halalan ng ika-6 ng Nobyembre, 2018 ang kauna-unahang pagkakataon na ang mga botante ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay tumanggap ng mga materyales na ito na binago ang disenyo.**

### ANO ANG BAGO?

#### BAGONG MGA KARD NG BALOTA AT SOBRE

- Buong mukha ng balota
- Madaling basahin
- Madaling punuin
- Madaling maintindihan


#### MGA OPSYON NG PAGBABALIK

Maari mong ibalik sa amin ang iyong Balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa pamamagitan ng USPS. **Hindi Kailangan ng Selyo ng Koreo.** Sa karagdagan, maari mong ihulog ito sa alinmang lokasyon ng pagboto o sa isa sa aming mga bagong maginhawang lokasyon ng hulugan ng balota sa kabuuan ng County ng Los Angeles.

#### MGA BALOTA NG IBA'T-IBANG WIKA

Nag-aalay kami ng balota sa 12 mga wika.

Tumawag sa aming tanggapan upang hilingin ang iyong balota ng iba't-ibang wika sa **(800) 815-2666, opsyon 3**




**Bisitahin ang LAvote.net upang humiling ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, humanap ng isang lokasyon ng hulugan ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo o subaybayan ang katayuan ng iyong balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.**

# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## MGA MADALAS ITANONG SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO


### BAKIT KAILANGAN ANG PAGBABAGO?

- Para gawing mas mahusay na napupuntahan at maginhawa ang iyong karanasan sa pagboto. Ang balota (mga balota) ay mas madaling basahin at madali ang pagmarka ng iyong mga pinili. Ang Pangkalahatang Halalan ng Ika-6 ng Nobyembre, 2018 ang unang halalan kung saan ang mga botante ay nakatanggap ng bagong materyales ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM).

### ANO ANG BAGONG ITSURA NG BALOTA NG VBM?

- Kasama ng mga materyales ng VBM ang buong mukhang mga kard ng balota na naglalaman ng lahat ng kailangang impormasyon sa pagboto. Depende sa laki ng halalan at bilang ng labanan sa balota, ang pakete ng VBM ay maaring maglaman ng maraming bilang na mga kard na may mga labanan sa harap at likuran (tingnan ang halimbawa sa kanan).

  Kung ikaw ay humiling ng mga materyales ng halalan sa isang wika na iba sa Ingles, ikaw ay tatanggap ng isang balota ng VBM sa wikang hiniling mo kasama ang isang kopya sa Ingles para makatulong sa iyong pagboto.




### ILANG SELYO ANG KAILANGAN KO PARA IPA-KOREO ANG AKING BALOTA SA PAMAMAGITAN NG SERBISYO POSTAL NG U.S. (USPS)?

- Wala. Ang koreo ay bayad na para sa lahat ng botante ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa County ng Los Angeles.

### PAANO KO IBABALIK ANG AKING BALOTA NG VBM?

- Maari mong ibalik ang iyong balota ng VBM sa pamamagitan ng USPS, ihulog lamang ito sa hulugan ng sulat, walang kailangang selyo. Kung nais mo na dalhin ito diretso sa amin, maaari mo itong ihulog sa alinmang lokasyon ng Hulugan ng Balota o sa alinmang lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Sa anumang paraan ng iyong pagbabalik nito, huwag kalimutang lagdaan at petsahan ang iyong sobre ng pagbabalik.

### KAILAN SIMULANG IPA-KOREO ANG MGA BALOTA NG VBM?

- Sinisimulan naming ipa-koreo ang mga balota ng VBM 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Ang mga botante na nakarehistro bilang Permanenteng VBM ay mag-uumpisang tumanggap ng kanilang balota ilang araw matapos ang pagpapa-koreo. Ang mga minsanang paghiling ay ipo-proseso araw-araw at dapat na matanggap ilang araw matapos ng paghiling.

### ANO ANG KAILANGAN KO PARA PUNUIN ANG BALOTA NG VBM?

- Ang balota ng VBM ay kinakailangang punuin ng itim o asul na tinta.

### ANO ANG ITSURA NG BAGONG SOBRE NG VBM?

- Kasama ng mga sobre ng VBM na ipinalabas mula sa tanggapan ng County ng Los Angeles ang mga sumusunod na paunawa sa harap ng sobre: Opisyal na Koreo ng Halalan na Awtorisado ng Serbisyo Postal ng U.S. Bilang karagdagan, makikita mo ang selyo ng County sa bawat sobre. Para sa mga katanungan o alalahanin tungkol sa VBM, mangyaring tumawag sa 1-800-815-2666, opsyon 2.

# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## MGA MADALAS ITANONG SA PAGBOTO SA PAMAMAGITAN NG KOREO

### KAILANGAN KO BANG ISAULI LAHAT NG MGA KARD NG BALOTA NG AKING MGA PINILI PARA MABILANG?

Hinihimok naming ibalik mo ang lahat ng mga kard ng balota. Gayunpaman, ang hindi pagbabalik ng lahat ng kard ng balota ay hindi makakaapekto sa mga kard na ipinadala mo pabalik.

### ANO ANG KAILANGAN KONG GAWIN KUNG NASIRA O NAIWALA KO ANG AKING KARD NG BALOTA NG VBM?

Kung nasira o naiwala mo ang isa o higit pa sa iyong mga kard ng balota, makakahiling ka ng pamalit na materyales hanggang 7 araw bago ang Araw ng Halalalan. Kung ang isang pamalit ay hiniling, kami ay magpapadala ng panibagong pakete ng VBM. Kung ito ay kulang sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan, mangyaring tumawag sa aming tanggapan sa (800) 815-2666, opsyon 2.

### PAANO AKO HIHILING NG ISANG BALOTA NG VBM?

Makakahiling ka ng isang balota ng VBM online sa **LAvote.net** o sa pagpuno at pagbabalik ng panlikod na pabalat ng buklet ng halimbawang balota sa tanggapan ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles.

### PAANO AKO HIHILING NG ISANG BALOTA NG VBM SA ISANG WIKA NA IBA SA INGLES?

Tumawag sa seksyon ng serbisyo ng iba't-ibang wika ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles sa (800) 815-2666, opsyon 3 para humiling ng materyales ng halalan sa ibang wika.

### ANO ANG DAPAT KONG GAWIN SA AKING UNANG SET NG MATERYALES NG VBM KUNG AKO AY HUMILING NG PANIBAGONG SET?

Isulat ang "void" sa lahat ng lumang materyales at itapon ito.

### ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG PIRMA SA SOBRE NG PAGBABALIK AY WALA O HINDI TUMUGMA SA NAKATALANG REKORD?

Ang tanggapan ng Tagapagrehistro ng County ng Los Angeles ay magpapakoreo ng isang porma ng Panunumpa ng Hindi Pinirmahang Balota para iyong punuan at pirmahan. Mayroon kang hanggang 8 araw matapos ang Araw ng Halalan para ibalik ang pormang ito sa aming tanggapan para maibilang ang iyong balota.

### MAARI KO BANG SUBAYBAYAN ANG AKING BALOTA NG VBM?

Oo, gaya ng kasalukuyang proseso ng VBM, masusubaybayan ng mga botante ang kanilang balota online sa **LAvote.net**.

### SAAN KO MATUTUTUNAN ANG MGA KARAGDAGAN TUNGKOL SA BAGONG KARANASAN SA VBM?

Bisitahin ang **VSAP.lavote.net** upang matutunan ang karagdagang pagsasaliksik at disenyo na patungo sa bagong karanasan ngVBM.

# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## SEGURIDAD

**Binibigyan ang mga botante ng County ng Los Angeles ng ligtas, tumpak, at bukas na karanasan sa pagboto.**

**Ang bagong karanasan sa pagboto sa County ng Los Angeles ay dinisenyo upang maging ligtas at bukas para sa lahat ng botante. Mayroong iba't ibang elemento ng sistema na nagpoprotekta sa integridad ng mga halalan at sa proseso ng pagboto.**

### LIGTAS NA DISENYO

Ang Kagamitang Pangmarka ng Balota (BMD) ay maglilimbag ng balotang papel na maaaring patunayan ng botante. Ililimbag ang mga pinili ng botante sa tekstong nababasa ng tao at ito ang magiging opisyal na rekord ng boto. Bilang disenyo, hindi nakakonekta ang BMD sa anumang network o sa internet. Hindi rin ito nag-iimbak ng anumang datos ng botante o bilang ng mga boto.




### PRIBADO AT KUMPIDENSYAL

Ang impormasyon ng botante na nasa mga E-pollbook ay hindi ikokonekta sa BMD o sa sistema ng pagbibilang ng boto. Mananatiling independiyente ang mga ito mula sa isa't isa upang maprotektahan ang mga personal na impormasyon ng botante. Ang mga nakalimbag na balota ay hindi maglalaman ng anumang impormasyon ng botante.



### MGA KONTROL SA IBA'T- IBANG PAGGAMIT

Ang opisina ng Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng Los Angeles ay nagpapanatili ng mga naaangkop na protokol sa seguridad para sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto. Ang mga tauhan ng halalan ay mayroong mga kredensyal na partikular sa gumagamit upang mabawasan ang posibilidad ng hindi pinapahintulutang paggamit. Ang paggamit ng mga kandado at selyong matutukoy kung binuksan sa Pinagsamang Kahon ng Balota (IBB) at sensitibong kagamitan ng halalan ay nagpoprotekta sa integridad ng lahat ng halalan at nagtitiyak ng mapapatunayang hanay ng kustodiya.



### BUKAS AT MAGAGAMIT

Ipinasok sa bagong karanasan sa pagboto ang mga kinakailangang depensa laban sa mga kahinaan ng sistema habang tinitiyak ang pagiging bukas at magagamit ng publiko sa proseso ng mga halalan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng 1% manu-manong pagsusuri sa mga ipinatalang balota na ginagawa sa panahon ng pagbilang ng mga boto pagkatapos ng halalan bago ang sertipikasyon.



# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## MGA KATANGIAN NG PASILIDAD NG SENTRO NG PAGBOTO

### ANG PANGKALAHATANG-IDEYA NG MODELONG SENTRO NG PAGBOTO

Sa taong 2020, ang County ng Los Angeles ay lilipat sa isang bagong modelo ng pagboto na magpapahintulot sa mga botante na bumoto saan mang lugar ng botohan sa loob ng County.

- Maginhawa, ligtas at mapupuntahan na mga **Sentro ng Pagboto** na magagamit ng 11 araw
- Mga **Lokasyon ng Kahon ng Hulugan ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo** na magagamit ng 29 na araw
- Ipinapahintulot ang **parehong araw na rehistrasyon ng botante**
- Makabagong **teknolohiya** at pinakamataas na **seguridad**
- **Nasa-lugar na mga tauhan** na magbibigay ng tulong sa ibat-ibang mga wika

### MGA INIAATAS NA PAGKAKAROON NG DAAN NG ADA

Lahat ng pasilidad ay dapat na makatugon sa iniaatas ng ADA kasama ang:

- Madadaanang landas na ADA mula sa kalsada/pampublikong transportasyon patungo sa harapang pintuan
- 32" luwag na pintuan
- Itinalagang ADA na banyo
- Nasa-lugar na itinalagang paradahan ng ADA
- Walang mga balakid sa loob na makapipigil sa daanan ng upuang de gulong



### PAGKAKA-KONEKTA NG KURYENTE AT NETWORK

Lahat ng silid maliban sa silid imbakan ay nangangailangang may akses sa saksakan ng kuryente at internet.
Ang internet akses ay maaaring:

- Hard wired (DSL, Cable, Fiber)
- Wi-Fi
- Mobile broadband wireless (LTE, 4G)



### IBA PANG NARARAPAT NA PAMANTAYANG KAILANGANG ISAALANG-ALANG

- Nasa-lugar na mga espasyong paradahan na magagamit
- Maginhawang mapupuntahang pampublikong transportasyon
- Mga oras ng operasyon
- Mga silid na naii-kandado



# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

## MGA KATANGIAN NG PASILIDAD NG SENTRO NG PAGBOTO

### PINAKAMALIIT NA SUKAT SA LOOB

Ang espasyo ay maaaring isang malaking silid o maramihang mga silid, na mas mabuting magkakatabing mga silid. **Ang isang sentro ng pagboto ay binubuo ng 6 na natatanging mga lugar:**

- lugar ng linya ng botante/ pilahan ng botante
- lugar ng tsek-in
- lugar ng kagamitang pangmarka ng balota
- lugar ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
- lugar ng kiosk
- lugar ng imbakan

Itong mga natatanging lugar ay mabuting nasa parehong silid pero maaaring ang lugar ng imbakan at lugar ng linya/pilahan ay nasa magkahiwalay na lugar.

**Ang tinatayang talampakang kuwadrado na kinakailangan sa ibaba** ay maaring matugunan ng kabuuang sukat ng alinmang hiwalay/natatanging lugar na binalangkas sa itaas.


### SUKAT NG PASILIDAD

**Maliit**
1,050 sq. ft.*

**Katamtaman**
2,450 sq. ft.*

**Malaki**
3,850 sq. ft.*

** talampakang kuwadrado ay tinataya*



Halimbawang kaayusan ng isang malaking sentro ng pagboto

# MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

# PROYEKTONG PAGLALAGAY NG SENTRO NG PAGBOTO

**Sa 2020, ang County ng Los Angeles ay lilipat mula sa mga lugar ng botohan patungo sa mga sentro ng pagboto. Upang matiyak na ang mga lokasyong ito ay mapupuntahan ng mga botante, nakipagtulungan ang County sa mga eksperto upang isagawa ang Proyektong Paglalagay ng Sentro ng Pagboto.**

## ANG GINAGAWA NAMIN

Ang County ng LA ay magsasagawa ng isang malawakang pagsusuring kaugnay ng espasyo upang maunawaan kung kailan at saan pinakamalamang na bumoto ang mga botante.





**Napupuntahan** | **Seguridad** | **Pagiging Malapit** | **Kaginhawahan** | **Kahandaan**

## PAANO TAYO MAKAKARATING DOON

Upang matiyak na natutugunan ang mga pangangailangan ng komunidad, ang County ay:

- Magtatrabaho nang deretso sa mga grupo ng mamamayang nagpapayo
- Magsasagawa ng mga pulong ng mga apektado
- Magsasagawa ng mga pagtatanong sa komunidad
- Magkakaloob ng interaktibong online na plataporma upang mangalap ng komento ng komunidad




## ANG MAKUKUHA NG MGA BOTANTE

- Isang bagong karanasan sa pagboto
- Maginhawa, ligtas at mapupuntahan na mga sentro ng pagboto sa loob ng 11 araw
- Mga lokasyon ng kahong hulugan para sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na magagamit sa loob ng 29 na araw
- Naililipat at pop-up na mga sentro ng pagboto
- Kakayahang makaboto sa alinmang lokasyon sa County




Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang **VSAP.lavote.net**